

Oktubre 2, 2020
2020-57

Kautusang Tagapagpaganap

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-57
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 53)

SAPAGKAT, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 293,000 at lumalaki, at kinukuha ang buhay ng libu-libong mga residente; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

SAPAGKAT, noong Setyembre 18, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya sa mga tao sa buong Estado, idineklara ko na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, ang Cannabis Regulation and Tax Act, 410 ILCS 705/15-5 et. seq., at ang Compassionate Use of Medical Cannabis Program Act, 410 ILCS 130, hinihingi ang Kagawaran ng Agrikultura (ang Kagawaran), sa pamamagitan ng Department of State Police (ISP), na magsagawa ng mga background check para sa inaasahan na mga ahente ng cultivation center nang sa gayon ay nag-aplay ng cultivation center agent identification card, na kailangan ay palaging nakikita sa lahat ng oras kapag nasa pag-aari ng cultivation center at habang inihahatid ang mga medical cannabis sa isang rehistradong dispensary organization; at,

SAPAGKAT, ang Cannabis Regulation and Tax Act at ang Compassionate Use of Medical Cannabis Program Act ay hinihingi sa Kagawaran na aprubahan o tanggihan ang aplikasyon para sa isang medikal o nasa tamang edad na paggamit ng cannabis cultivation center agent identification card sa loob ng 30 na araw ng pagtanggap ng isang kumpletong aplikasyon o

aplikasyon sa pagbabago at pag-isyu ng isang identification card sa isang kwalipikadong ahente sa loob ng 15 araw na may pasok mula sa pag-apruba ng aplikasyon; at,

SAPAGKAT, ang pagsiklab ng COVID-19 ay lumikha ng mga pagkaantala sa proseso ng background check at nakakaapekto sa kakayahan ng Kagawaran na mag-isyu ng mga identification card ng ahente ng cultivation center sa isang napapanahong paraan;

SAMAKATUWID, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa mga Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, iniuutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Ang kinakailangan para sa isang medikal o nasa tamang edad na paggamit ng cannabis ang cultivation center agent ay dapat mayroon ng kumpletong background check kung nag-aaplay para sa isang identification card ng ahente ayon sa 410 ILCS 705/20-40(b) at 410 ILCS 130/95(b) ay suspindido sa kondisyon na ang aplikasyon ng ahente ng cultivation center sa Kagawaran ay nagpapakita na ang ahente ng cultivation center ay nagsumite ng ganap na set ng mga fingerprint sa ISP para sa layunin ng pagkuha ng pagsusuri ng kriminal na rekord sa Estado at pederal.

Seksyon 2. Ang kinakailangan para sa isang medikal o nasa tamang edad na paggamit ng cannabis ang cultivation center agent ay dapat mayroon ng kumpletong background check kung nag-aaplay para sa isang identification card ng ahente alinsunod sa 410 ILCS 130/100(b) at 410 ILCS 705/20-35(b) ay suspindido sa kondisyon na ang aplikasyon ng ahente ng cultivation center sa Kagawaran ay nagpapakita na ang ahente ng cultivation center ay nagsumite ng ganap na set ng mga fingerprint sa ISP para sa layunin ng pagkuha ng pagsusuri ng kriminal na rekord sa Estado at pederal.

Seksyon 3. Ang mga kinakailangan na dapat (a) aprubahan o tanggihan ng Kagawaran ang isang aplikasyon para sa isang medikal o nasa tamang edad na paggamit ang cultivation center agent identification card sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang isang kumpletong aplikasyon o aplikasyon sa pagbabago, at (b) pag-isyu ng cultivation center agent identification card sa isang kwalipikadong ahente sa loob ng 15 araw na may pasok mula sa pag-apruba ng aplikasyon o pagbabago alinsunod sa 410 ILCS 130/100(a) at 410 ILCS 705/20-35(a) ay suspindido.

Seksyon 4. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

JB Pritzker

Inisyu ng Gobernador Oktubre 2, 2020
Isinalin ng Kalihim ng Estado Oktubre 2, 2020